

Bumangon ang bata at hinawakan ang uka sa dingding. Doon nanggagaling ang boses. Ang bahay ang nagsasalita. Sa halip na matakot ay nakaramdam siya ng kapayapaan. Na para siyang kinakandong sa dilim.

Nirarayuma na ang mga hagdan ko. Ang mga kawad ko ay lumang-luma na, kakawag-kawag at puro butas na. Tinutuluan na ako kung saan-saan. Pero ang mga tao, hindi ako pinapansin.

Huminto. Naghintay ang bata. Naiintindihan mo ba ang mga sinasabi ko? tanong ng bahay. Tumango ang bata. Nararamdaman mo ba ang damdamin sa loob ng mga salitang binibitiwan ko? Tumango uli ang bata. Mabuti naman, sabi ng bahay. Lumapit ka pa. Lumapit pa ang bata. Karamihan diyan, patuloy ng bahay, sasabihin, bahay lang ‘yan, wala naman ‘yang damdamin. Naniniwala ka ba sa kanila?

Umiling ang bata.

Nasasaktan din kami. Kapag di kami inaasikaso, kapag di kami minamahal, sadya naming sinisira ang mga sarili namin, nabubulok kami, inaagiw, inaanay. Pero kapag inaalagaan, minamahal, kapag tama ang paglalampaso sa amin, kumikinang kami at nalilibugan!

Napakunot ang noo ng bata.

A, siguro, iniisip mo, paano siya nalilibugan? Babae ba siya? Lalaki? Bakla? Tomboy? Ang sagot ko diyan, hindi ba puwedeng basta ako lang ako? Para ba maging ako ay kailangang maging ano? Hindi ba ako puwedeng paiba-iba? O, ano, tama ba ako? Ba't di ka makasagot? Pipi kaba?

Tahimik lang na nakatingin ang bata. Ay, pipi ka nga! sabi ng bahay. Napayuko ang bata. E ano ngayon? Nahihiya ka ba na hindi ka makapagsalita? Ang katahimikan ay mas maraming sinasabi. Saka ba't ka maiinggit sa mga nakakapagsalita? Ganito ang mga tunog nila. Aaggh, ooggh, eeek! Ang papangit!

Napangiti ang bata.

Bumaba siya. Wala namang tao. Pumunta sa kusina. Nakita ang basong di nahugasan. Nagsimulang hugasan ito.

Noon niya naramdaman ang malalakas na bisig na biglang humablot sa kanya mula sa likuran. Nalanghap niya ang amoy-alak na hininga. Sinundot siya ng init ng hiningang ito.

Saglit lang na nabanaagan niya sa agaw-dilim si Tomas, ang karpintero, bago siya sinuntok nito sa tiyan. Saka habang hawak-hawak sa leeg ay nagsimulang hubaran. Nagpipilit makawala si Marta, kinakalmot si Tomas, pero ibinababa siya nito, ipinapatong sa pasamanong katabi ng banggerahan.

Na parang inilalagay siya sa kanyang lugar. Mababa rin. Kagaya nilang mga trabahador. Huwag! sigaw niya habang nagpupumiglas.

Habang nilalamas nito ng magaspang na kamay ang suso niya, nakatayong nakapahiga sa pasamano, pilit na inaabot ni Marta ang kutsilyong nakasabit sa dingding. Patuloy siyang ginagahasa ni Tomas habang palapit nang palapit ang kamay niya sa kutsilyo. Naaamoy niya ang alak, ang desperasyon. Ibinaba nito ang panty niya. Ipinasok na ni Tomas ang ari nito sa kanya. Di niya maabot ang kutsilyo. Napatingin na lang siya sa ta oo sa kamay ni Tomas, hugis ng kalahating buwang tumataas- bumababa. Sa labas ay ngumingiyaw ang pusang ligaw na lagi niyang pinakakain. Sa bubong ay pumapatak ang ulan, pinapalo ang bagong gawang bubong.

Matapos ang lahat ay nagsindi ng sigarilyo si Tomas. Ibinuga nito nang ilang beses ang usok. Saka pinatay ang sigarilyo at itinapon sa basurahan bago umalis.

Hindi gumagalaw si Marta. Nakasandal pa rin siya sa pasamano, nakatingin sa pintuan. Napansin niya, may mantsa ang pinto, parang pula ng ketchup. Ba't di niya iyon nakita at nilinis noon, masinop siya sa ganoon. Iniisip niya kung may natitira pang sabon sa lababo o kung kailangan na niyang bumili bukas.

Nagsimula siyang linisin ang sarili, ang mga kalat. Saka nang mapansing may dugo pa sa mga kuko niya ay kinuha ang lumang toothbrush at kinuskos ang mga ito. Tumigil na ang ulan.

Noon niya napansin ang pusa, pumasok. Naglagay siya ng gatas sa lata at pinagmasdan ito habang umiinom. Saka umakyat siya sa kuwarto niya, isinara ang pinto, nahiga, maski hanggang sumikat ang araw ay di nakatulog.

NAGHINTAY SI Marta, mula noon ay hinintay ang pagbabalik ni Tomas. Setyembre, Oktubre, Nobyembre. Alam niya, sa kailaliman ng puso niya, na babalik ang karpintero. Ganoon ang batas ng tadhana. Ang may utang, nagbabayad. Ang umalis ay nagbabalik. Hindi siya nagpunta sa bayan para hanapin ito. Hindi niya ito kailangang hanapin. Alam niyang babalik ito.

Nililinis niya nang nililinis ang bahay, na para bang inihahanda sa pagbabalik ni Tomas. Lalo na ang kusina. Lagi niyang iniwanang hindi nakakandado ang pintuan sa kusina. Lagi niyang hinahasa ang kutsilyo hanggang sa makita na niya ang sarili sa kakinangan nito. Hanggang sa maski di niya ito hawak ay nararamdaman pa rin niya ang talim nito sa kanyang palad.